

# Chapter One



“Hi!” bati ni Cadence sa isang lalaking nakasalubong papasok ng *San Jose General Hospital*. Ganoon talaga ang ugali niya, palabati sa mga kakilalang nadadaan. Nang marating niya ang dialysis area, nakita niya kaagad ang mga kasamahang nurse.

Halos tatlong taon na rin siyang nurse. Noong una, hindi talaga ito ang kanyang gustong propesyon. Ngunit paglaon, natutuhan na rin niyang mahal inyon. Sa area na kanyang ginagalawan lalong-lalo na sa dialysis area, literal na madugo. Dito sinasala ang dugo ng mga pasyenteng may kidney failure.

Naaalala pa niya noong unang beses niya rito, parang hindi niya alam ang gagawin. Kailangan sa assigned nurse sa area na ito, magaling magsaksak ng heringgilya. Noong bago siya, dahil sa mali ang kanyang nagawa ay tumagas ang dugo ng isang pasyente. Medyo matagal din bago siya nasanay.

“Hello, guys. Na-miss ko talaga kayo,” sabi niya. Isang buwan din kasi siyang nasa morning shift kaya hindi niya nakita ang mga kaibigan.

“Ano ka ba? Parang hindi naman tayo nagkikita

dito,” ani Roxanne.

“Kahit na. Iba pa din ang kasama ko kayo sa parehong shift.”

“Hayaan mo na si Cadence. Wala naman kasi siyang nakakausap sa morning shift,” pagtatanggol ni Sierra. “At least, buo na ulit tayo ngayon.”

“At pagkatapos, tatawagin na naman tayong *Powerpuff Girls*?” Masungit ang ibinigay na tingin ni Roxanne sa kanila.

“Huwag ka ngang mag-inarte.” Tinapik niya ang balikat nito. “Tara na, magsimula na tayo.”

Tumango ang mga ito at inayos na ang mga gamit na kakailanganin nila gaya ng bulak, benda, alcohol at kung anu-ano pa. Isa-isa nilang pinuntahan ang mga pasyente at inayos ang mga dialyser.

Napansin niya na naubos na ang kanyang alcohol, kaya pumunta siya sa nurses station. Tiningnan niya ang mga kabinet ngunit wala na siyang nakitang stock. Nagpaalam siya sa mga kasamahan at nagtanong kung may kailangan pa ang mga ito na nais ipakuha. Nang sabihin ng mga itong wala naman, umalis na si Cadence.

Papalabas ng dialysis area, hindi niya napansin ang malaking pigura sa kanyang harapan at nabunggo siya. Sobrang lakas, akala niya ay babagsak siya. Mabuti at nasalo siya agad nito.

Napagmasdan niyang maigi ang mukha at kaanyuan ng nabangga.

The man was wearing a pair of glasses. His eyes were cold and mysterious. Ang mga labi nito ay nakakahalinang halikan. Napatingin siya sa buhok nito.

*Gaano kalambot kaya kung mahahawakan ko?*

The stranger's scent lingered in her nostrils.

Nagulat si Cadence sa sarili. Ano ba ang nangyayari sa kanya. Nawawala yata siya sa sarili.

Namalayan na lang niyang inaalalayan siya ng lalaki at nakatayo na siya nang maayos.

“Ayos ka lang ba, Miss?” Makikita sa mukha nito ang pag-alala ngunit nawala rin iyon kaagad. Suddenly, a blank expression registered on his face.

“Oo, pasensya na. Hindi ako nakatingin sa dinaraan ko. Pasensya na talaga.”

“Huwag mong isipin 'yun, just be careful next time.” At umalis na ang lalaki.

Nakasunod lang ang tingin niya sa paglalakad ng estranghero. Cadence noticed, naka-office attire ito at pumasok sa loob ng Dialysis Area. Sino kaya ang sadya nito? Pasyente kaya ito? Inisip niyang maigi ang kaanyuan ng lalaki. Wala sa hitsura na may sakit ito. The man looked healthy.

Bakit ba niya iniisip ang lalaking iyon? Ang dapat niyang gawin ay magpunta na sa baba para

makakuha ng supplies. Binilisan na lang niya ang paglalakad.

Pagkakuha, dumerecho siya sa mga pasyente. Inuna niya ang isang matandang lalaki na nanonood ng TV. Kung titingnang maigi, sigurado siyang napakaguwapo ng matanda noong kabataan nito. Kahit ngayon, guwapo pa rin ito. Iyon nga lang, pansin na ang pananamlay.

“Tay, magandang gabi po,” ani Cadence nang makalapit. She smiled. Inayos niya ang mga ilalagay sa matanda.

Ngumiti rin ito. “Aba, ngayon lang kita nakita dito. Bagong nurse ka ba?”

“Hindi po. Dati na po akong nagdu-duty dito. Kailan pa po ba kayo nagpapa-dialysis?”

“N’ung isang buwan lang kami nag-umpisa.”

“Kaya po pala ngayon lang tayo nagkita, last month po kasi, pang-umaga ako. Ngayon po, balik na ’ko sa graveyard shift.”

Makikita sa mukha nito ang kasiyahan. “Mabuti naman at nandito ka na.”

“Bakit naman po?” nagtataka niyang tanong.

“Kasi may nurse na maganda at mabait na mag-aasikaso sa akin. Hindi katulad n’un.” Itinuro nito si Roxanne.

Cadence laughed. Mataray si Roxanne, alam niya. Pero kaibigan niya rin ito, kaya sigurado

siyang nagbibiro lang ang matanda. “Napakabolero n’yo naman, Tatay. Sige po, i-relax n’yo na po ang kamay n’yo.”

The old man obeyed her. Itinusok niya rito ang isang matabang karayom sa bandang itaas ng bisig nito at ang isa pa sa may ibaba. Doon kasi papasok at lalabas ang dugo na sasalain. Nalaman niyang three times a week kung magpa-dialysis ang matanda.

Pagkatapos itusok ang karayom, tinakpan niya agad iyon ng bulak at tape. Iba ang matanda sa mga pasyenteng karaniwang nae-encounter niya. Parang hindi man lang ito nasaktan. She looked at him, ngumiti ito.

“Tapos na po, Tatay. Ang tapang n’yo po, ni hindi ko nakitang nasaktan kayo sa ginawa ko.”

“Wala na sa ’kin ’yan, saka magaan ang kamay mo. Aminado akong noong unang beses akong magpa-dialysis, muntik na akong mahimatay.”

Ngumiti siya. “Nga pala, ’Tay, sino po ang kasama n’yo?” Lumingon siya sa buong lugar. Wala siyang nakitang papalapit sa kanila o ano.

“Yung anak ko. Nasa labas siya, takot kasi sa dugo.” Napapailing na lang ang matanda.

“Mayamaya, papasok na din ’yun.”

“Ah, gan’un po ba? Sige po, balikan ko na lang kayo after an hour para sa blood pressure

n'yo. Kapag kailangan n'yo 'ko," Itinuro niya ang nurses station sa gitna, "kawayan n'yo lang po ako. Mapapansin kayo kaagad."

"Salamat, Hija. Sa lahat ng nurse dito, ikaw ang pinakamabait." He held her hand.

Naramdaman niyang sinsero ito. Naaalala niya ang tatay niya sa matanda. Imbis na ipakita rito na nalulungkot siya, biniro na lang niya ito.

"Hay, si Tatay talaga. Trip n'yo talaga akong bolahin, 'no? Babalikan ko na lang po kayo." Nagtungo na siya sa nurses station. Tiningnan niya ang medical abstracts ng mga pasyente nila. Inuna talaga niyang tingnan ang sa matanda.

Si Mr. Fernando Bartolome II, fifty-eight. Napaisip siya. Kung buhay ang ama niya ay kasingedad nito ang matanda. She shook her head, bawal siyang mag-drama.

Pinagmasdan na lang niya ulit ang impormasyon tungkol sa matanda. Nakasaad doon na ten percent na lang ang gumagana sa kidney nito, may diabetes kaya hindi na maaari pang magpa-transplant dahil malaki ang tsansa na hindi tanggapin ng katawan. Kung tanggapin man, siguradong masisira rin ang kidney na ilalagay rito dahil sa diabetes. Ang tanging magagawa na lang para rito ay magpa-dialysis. Wala na itong pag-asa pang gumaling.

Ipagpapatuloy pa sana ni Cadence ang pagbabasa nang biglang bumukas ang pinto ng area. Napatingin siya, nakilala niya ang naroon. Ang lalaking nakabangga niya, iyon nga! May kausap ito sa cell phone habang naglalakad papunta sa... matandang kausap niya kanina.

Hindi kaya ito ang anak ni Tatay Fernando? Naikumpara niya ang pisikal na kaanyuan ng dalawa, magkahawig ang mga ito.

Nang tuluyan nang makalapit ang lalaki sa matanda, nag-usap ang mga ito. Sabay na dumako ang tingin ng dalawa sa kanya. She blushed. Kumaway si Tatay Fernando.

Nahiya si Cadence, nagtaka rin sa nararamdaman. Pinilit niyang tumayo. Inayos muna niya ang kanyang damit bago lumapit sa mga ito, dahan-dahang naglakad.

*Bakit sa lahat ng puwedeng maging anak nito, siya pa? Hay... ano kaya ang hitsura ko ngayon? Maayos kaya ang buhok ko? Dapat nagpulbos muna 'ko...*

Sinita ni Cadence ang sarili sa mga naiisip.

Itinuon niya ang pansin sa matanda nang makalapit. "Tay, okay lang po ba kayo?"

"Ayos na ayos ako. Tinawag lang kita para ipakilala sa anak ko." Humarap ito sa lalaking nasa kaliwa nito. "Siya 'yung nurse na sinasabi ko sa

'yong nag-asikaso sa 'kin."

He stared at her. Malamig na naman ang mga mata nito. "I'm Liam Evian Bartolome." He offered his hand.

Parang tumaas ang blood pressure ng dalaga. His face was the only thing she could see right now. Halos ilang segundo rin siyang tulala bago niya napukaw ang sarili para abutin niya ang kamay nito. Naramdaman niya ang init na dala niyon.

Pinilit niyang magsalita upang hindi mapahiya. "A-ako nga pala si Cadence Garcia. Tawagin mo na lang akong Cadence," nauutal na saad niya. Hindi niya maintindihan kung bakit nagkakaganito siya. Dahil ba sa presensya nito?

Biglang sumingit ang matanda. "Cadence pala ang pangalan mo, a lovely name." Tumingin ito sa anak. "Liam, bakit hindi mo siya ayaing magkape?"

Sabay silang napasagot dito. "Ano po!"

"Tatal, apat na oras pa bago matapos ang dialysis ko. Magkape na muna kayong dalawa."

"Pa, hindi puwede. Wala kang kasama dito," tanggi ng nakababatang lalaki. "Kaya ako nandito ay para bantayan ka. Who will assist—"

"Ano ka ba, kaya ko ang sarili ko." Iwinagayway pa ni Tatay Fernando ang isang kamay. "Saka hindi naman ako mapap'ano dito."

Bago pa makaapela ulit ang binata, naunahan



na niya itong magsalita. “Hindi po ako puwedeng mag-break, Tay. May trabaho pa po ako. Baka pagalitan ako ng head nurse kahit magpaalam ako.”

“Sayang naman,” malungkot na tugon ng matanda. “Sa susunod na lang siguro. Salamat ulit, Nurse Cadence.”

“Wala po ’yun, Tay Fernando.” She gave the old man a smile. At pagkatapos ay umalis na siya.

Dumerecho si Cadence sa nurses station at naupo. Nakahinga siya nang maayos. Mabuti at nakabalik na siya rito. Kung nagtagal pa siya roon nang ilang minuto pa, baka hindi lang siya basta nanginig at natulala.

Kinuha niya ang salamin sa kanyang bag. Tiningnan niya kung namumutla siya. Pinagmasdan din niya ang kanyang mga mata kung matamlay ba iyon, kung may sakit ba siya. Sinubukan nga rin niyang kuhanin ang kanyang blood pressure. Pero normal naman ang BP niya.

Wala namang problema.

*Ano ba kaya ang nangyayari sa akin?*



## Chapter Two



**N**akita ni Cadence ang mag-amang Fernando at Liam sa hallway. Nakasakay sa wheel chair ang matanda. Agad niya itong binati.

“Good evening po.” Ngumiti siya sa mag-ama.

Gaya noong unang beses, suplado ang binata.

Gumanti naman ng ngiti ang matanda.

“Magandang gabi din sa ’yo,” bati ni ’Tay Fernando.

“Saan ka pupunta, Nurse Cadence?”

“Sa nurses station po sa second floor. Doon po kasi ako nakadestino ngayon.”

“Ibig sabihin, hindi ikaw ang mag-aasikaso sa ’kin mamaya?” malungkot na tanong ni Tatay Fernando..

“Babawi na lang po ako sa susunod, ’Tay,” tugon niya. Dumako ang kanyang tingin kay Liam. Parang hindi siya nito nakikita.

*Ang suplado talaga nito. Ni hindi man lang bumati.*

Nagpaalam na siya sa matanda. “Sige po, mauuna na ’ko. Huwag kayong mag-alala, Tay, sa susunod na session n’yo, ako na ang mag-aasikaso sa inyo.”

Tila kumislap ang mga mata ng matanda.

Ang batang Bartolome, abala sa cell phone nito.  
Aaminin ni Cadence, disappointed siya rito.  
Tinanguan niya ang matanda at nagpatiuna na.  
Habang naglalakad papunta sa second floor,  
nadadagdagan ang inis niya.

*Badtrip talaga si Liam!*

Magkalayo ang ugali ng dalawang Bartolome sa ugali. Friendly si Tatay Fernando samantalang ang anak nito ay kabaligtaran.

Pagdating sa nurses station, naiinis pa rin siya. Her co-workers noticed her annoyance and interrogated her.

“Cadence, ang init yata ng ulo mo,” puna ng isang nurse.

“Wala lang ’to.” Inayos na lang niya ang sarili.

“Sa lovelife ba?” singit ng isa.

Pinaikot lang niya ang mga mata. Ginawa na niya ang kanyang trabaho. Bawat kuwarto ay kinatok niya at kinuha ang vital signs ng pasyente. Ang iba, binigyan niya ng gamot na dapat inumin.

Habang naglalakad pabalik sa nurses station, hindi niya inasahang makita si Liam doon.

Napansin na niya kanina, pero mas rumehistro kay Cadence ngayon kung gaano ito kaguwapo sa suot na blue striped tee at casual skinny jeans na tinernuhan ng canvas boat shoes. Nakaayos ang layered nitong buhok at nakasuot pa rin

ng salamin. Hindi napigilan ni Cadence ang mapahanga. Nadala nito nang maigi ang suot. At habang pinagmamasdan niya ito, Liam spotted her. He walked slowly toward her.

Kinakabahan si Cadence. Siya ba ang sadya nito? Ano ang gagawin niya kung kausapin siya nito? Gusto niyang batukan ang sarili.

Ang dapat niyang gawin ay deadmahin ito at magsuplada. Itinuloy niya ang naudlot na paglalakad. Iisang yarda na lang ang layo nila sa isa't isa, hindi niya inaasahang magsasalita ito sa kanya.

“Nurse Cadence, are you busy?”

*Aba, ano ang nakain nito at kinakausap ako?*

She looked at him. “Hindi naman. Bakit?”

“Want to go get a cup of coffee?”

“Ha?” Parang nabingi siya. Totoo ba ang kanyang nadinig?

“Do you mind if we have coffee together?” ulit nito, makikita na sa mukha ang pagkairita.

Tumaas tuloy ang kanyang kilay. “Sinusunod mo lang yata ang sabi ng tatay mo na i-treat ako ng kape. Napipilitan ka lang.” Nang gayak na lalampasan na niya ito, hinawakan nito ang kanyang bisig.

“This isn’t against my will. Gusto ko lang gawin ito para sa ipinakita mong kabaitan sa papa ko.”

She wanted to say no but she couldn't.

Nahipnotismo siya sa mga mata ng lalaki. Parang nabago nito agad ang mood niya.

“Fine. Aayusin ko lang ang mga 'to.” Nauna na siyang maglakad pabalik sa nurses station.

Sinundan siya nito.

Wala silang imikan habang naglalakad. Wala siyang maisip na sabihin dito dahil nininerbyos pa rin siya. She could only hear the rapid beating of her heart.

After a few minutes, they reached the station. Hinintay siya nito. Nakita ng mga katrabaho niya si Liam at sinundan siya ng mga ito sa pinakaloob ng station upang usisain.

“Sino 'yun?” tanong kaagad sa kanya ng isa.

“Wala, anak lang 'yun ng isa sa mga pasyente sa dialysis area.”

“Baka naman nililigawan ka.”

Tumigil si Cadence sa ginagawa. “Manliligaw? Inaaya lang niya 'kong magkape dahil sa utos ng tatay niya.”

“Ows, 'yun lang ba talaga?”

Napailing siya. “Promise, 'yun lang. So magbe-break muna ako ng isang oras, kaya kayo muna dito.”

Lumabas na siya bago pa makapag-usisa lalo ang mga ito. Sa matiyagang paghihintay ng binata,

may kung anong humaplos sa kanyang puso.

“Tara na?” tanong niya.

“Saan mo gustong magkape?” balik ni Liam.

“Diyan na lang sa vendo machine sa baba.”

Kumunot ang mga kilay nito. “Gusto mo sa—”

Hindi nito naituloy ang sasabihin, agad siyang sumabat.

“D’un na lang tayo sa vendo. I prefer instant coffee over brewed.” Nagpauna na siyang maglakad, at hindi na nakaangal pa ang lalaki.

Mga ilang minuto lang, narating na nila ang vendo machine. They both chose black. Pagkatapos ay naupo sila sa kalapit na bench. Habang nagkakape, they were quiet. Gabi na, bihira na ang mga taong nagdaraan. Napaka-peaceful at relaxing ng mga ganitong oras, tamang-tama para magkape.

Hinipan niya ang kape at sinimsim iyon nang dahan-dahan. “Maraming salamat sa libre.”

“No need to thank me, Miss Garcia.”

Tiningnan niya ito saglit pagkuwa’y inilayo ang tingin niya at napailing.

“Bakit?” tila nagtata kang tanong ni Liam.

“You’re a man of few words, aren’t you?”

“Bakit mo nasabi?”

“That or hindi ka interesado na kausap ako.”

“Ano ba’ng gusto mong pag-usapan natin?”

“I don’t know. Shall we play twenty questions?”

“You count. Honestly, I don’t mind kahit ilan. Pero magtatanong ako kung kelan ko gusto, not after you’ve finished questioning me.”

“Deal. Ilang taon ka na?”

“Twenty-six na ’ko, ikaw?”

“Twenty-three.”

“Ano’ng pangalan ng mga magulang mo?” ani Liam.

“Amelia at Severino.”

“Kasama mo sila sa bahay?”

“Mom’s with my brother in New York.

Immigrants na sila doon. Ang tatay ko naman...”

Lumipas ang ilang saglit bago siya nagpatuloy.

“Wala na siya, he died three years ago.”

“I’m sorry,” he sincerely said.

“No worries. Tanggap ko na ang lahat, matagal na ’yun.”

“Ano’ng ikinamatay niya?”

“Dahil din sa kidney failure.”

Lumungkot ang mukha ni Liam, tila may naisip.

“Sa tingin mo, mangyayari din kaya ’yun kay Papa?”

She didn’t have the guts to tell him the truth. Pero malamang alam na nito ang sagot. Hindi naman lunas ang dialysis. Ang nagagawa lang nito, pahabain ang buhay ng taong may sakit sa bato.

“Tatay Fernando’s strong. Siguradong kaya

niyang labanan ang lahat,” sabi na lang niya.

“Salamat.” He looked at her.

At tila matutunaw ang kanyang puso. He was charming. Bago pa siya tuluyang maakit dito, she turned her attention to her watch. Malapit na palang mag-alas doce. Kailangan na niyang bumalik sa trabaho. Inubos na niya ang kape.

“I need to go back. Salamat ulit sa libreng kape.”

“Huwag kang magpasalamat. It’s been nice talking to you.”

“I enjoyed it, too.” Kinikilig si Cadence. “Next time, ako naman ang taya.”

“Ikaw ang bahala.”

Nauna siyang umalis. Hindi mawala ang ngiti sa mga labi niya. Tumatatak sa utak niya ang lahat. Pakiramdam niya date ang nangyari. Kung aayain siya nitong muli, kahit yata kumain lang sila ng fishball ay okay na. Magiging masaya na siya roon.

Pagdating niya sa nurses station, curious na naman ang mga kasamahan. Daig pa siguro niya ang nanalo sa lotto sa hitsura niya.



Masayang pumasok si Cadence sa ospital. Halos two weeks din siyang nakadestino sa iba. Ngayon lang ulit siya napabalik sa dialysis area. Nananabik na siyang makita sina Tatay Fernando at lalung-



lalo na ang anak nitong si Liam. Alam niyang may session ang matanda ngayon. Napansin kaagad siya nina Roxanne at Sierra pagdating niya.

“Long time no see!” bati ni Roxanne.

“Oo nga, kumusta na kayo dito?”

“Heto, katulad pa rin ng dati, madugo. N’ung isang araw may inatake sa puso dito habang nagdialysis,” ani Sierra habang may inaayos na mga gamit.

“Teka nga lang.” Biglang lumapit si Roxanne sa kanya. Hinawakan pa nito ang mukha niya. Agad niyang ipinaling ang baba upang palisin ang kamay nito. “Ano’ng ibig sabihin niyan?”

“What?” naguguluhan niyang tanong. “Ano’ng ibig sabihin ng ano?”

Napatingin din sa kanya si Sierra. “Oo nga, ’no! Nagme-makeup ka na pala. Ano’ng nakain mo?”

Baka epekto ng nainom niyang kape kasama si Liam Bartolome ang ibig nitong sabihin. But she couldn’t admit it.

She concocted an alibi. “Masama ba? Gusto ko lang subukan. Sayang naman ang padala ng nanay ko, mae-expire na’t lahat, hindi ko pa din nagagamit.”

“Di sana binigay mo na lang sa aming dalawa. Sigurado akong hindi masasayang,” nakangusong sabi ni Roxanne.

“Sige, bukas na bukas din dadalhin ko.”

“Biro lang, ano ka ba! It suits you, Cadence.”

Dumating si Tatay Fernando pero iba ang kasama nito. Isang babaeng tantya niya ay nasa cuarenta años o higit pa. Cadence was a bit dissappointed.

Nilapitan niya ang mga ito. “Magandang gabi po, Tatay Fernando.”

“Magandang gabi din, Hija. Matagal-tagal din kitang hindi nakita.”

“Na-miss ko nga po kayo, ’yung pambobola n’yo.”

“Talaga? Kaso hindi ko na makakasama si Liam dito.”

“Bakit naman po?” Hindi niya dapat ipahalata na nalungkot siya sa sinabi nito.

“Busy talaga ang batang iyon sa trabaho. Pinipilit lang niyang samahan ako.” Noon humarap ang babaeng kasama nito. “Isa pa, nandito naman si Mela, kasambahay namin siya.” Ipinakilala sila nito.

“Ako po si Cadence. Natutuwa po akong makilala kayo.”

“Ako din. Masaya akong makilala ka. Lagi ka ngang naikukuwento sa ’min ni Señor,” tukoy nito sa matandang lalaki.

Habang nag-uusap ay kinuhanan niya ng

timbang si Tatay Fernando, ini-record ang blood pressure nito.

The old man held her hand. “Thank you sa pag-aasikaso, Hija.”

“Walang anuman po iyon. Tawagin n’yo na lang po ako kung kailangan n’yo ako.”

Tumango lang ito. Ngumiti sa kanya si Nanay Mela.

Tumalikod na si Cadence. Napabuntong-hininga siya. Hinintay pa man din niya ang araw na ito, umaasang makikita niya ulit ang binata.

Pero hindi ito ang oras para isipin niya ang sarili.

Nagpakaabala na lang ang dalaga. That would help. Nag-ayos siya ng mga gamot, tiningnan kung kompleto ang supplies nila, nagbasa ng medical abstracts ng mga pasyente nila.

Nang mapatingin siya kay Tatay Fernando, kinawayan siya nito at pinalapit.

“Bakit po, ’Tay? May nararamdaman ba kayo?”

“Ikaw ang may nararamdaman, halata sa ’yo.”

“Wala po, nababagot lang po ako.” Pinilit niyang ngumiti.

“Kung gan’un, magkuwentuhan na lang tayo. Nababagot din ako.” Tumingin ito kay Nanay Mela.

Sinundan niya ang tingin nito. Nakatulog na pala ang kasambahay. Natawa si Cadence, hindi ito

masisi. Alas doce na nang madaling araw.

Humila siya ng upuan at umupo malapit kay Tatay Fernando. “Ano po ang pag-uusapan natin?”

“Let’s talk about your lovelife,” tila panunudyong nito.

“Ho! Bakit ’yung sa ’kin po? Sa inyo na lang ang pag-usapan natin, mas exciting pa ’yun.”

“Mas interesado ako sa lovelife mo.”

“Wala po akong maikukuwento kasi wala pa po akong nagiging boyfriend. Promise.”

“Talaga? If that’s the case, siguradong bagay ka sa anak ko,” masayang sabi nito.

“Kayo talaga, Tay Fernando, binibiro n’yo na naman ako.” Iniba na lang niya ang usapan. “Ikuwento n’yo na lang po kung paano n’yo nakilala at niligawan ang nanay ni Liam.”

Nagpaunlak ito. “Helen ang pangalan niya. Nakilala ko siya noong nag-aaral ako sa kolehiyo. Parang aksidente ang pagkikita namin.”

“Bakit n’yo po nasabi?”

“Nakatabi ko siya sa klase.”

“Magkklase po kayo?” interesado niyang usisa.

Umiling ito. “Nginitian ko siya at binati pero hindi man lang niya ako pinansin. Nalaman kong hindi ko pala siya kaklase, na hindi ko pala sila kaklase, n’ung dumating ’yung prof. I learned later on na block section pala sila, mas bata sa akin.

Filipino 101 iyong subject.” Natawa ang matanda at nahawa siya rito.

“Nagkamali po kayo ng room?” Tumango ito.

“Ano po ang ginawa n’yo?”

“Dahan-dahan na lang akong lumabas ng silid. Nadinig kong nagtawanan ang mga estudyante habang paalis ako. Noon pa lang alam ko nang si Helen ang babaeng pakakasalan ko at nais makasama habang-buhay.”

Hindi napigilan ni Cadence ang kiligin.

“Nakakatuwa naman po kayo, Tay.”

“Ginawa ko lahat para mapasagot siya. Kahit mapahiya pa ’ko sa madaming tao, okay lang, mapansin lang niya ’ko. Sobrang suplada niya, nahirapan talaga ako. Kaya nga n’ung sinagot niya ’ko, abot-langit ang tuwa ko.”

May naalala siya tuloy sa sinabi nito. “Ibig po bang sabihin, nagmana si Liam sa nanay niya?”

Tumawa ang matanda. “Oo, magkapareho talaga silang dalawa ng ugali. Kaya nga tuwing kasama ko si Liam parang nakikita ko na din si Helen.” Lumungkot ang mga mata nitong kanina ay nangingislap.

“Bakit po? Nasaan po ba si Nanay Helen?”

Ilang segundong katahimikan ang namayani bago ito sumagot. “Halos limang taon na din siyang kinuha sa amin.”

“Sorry po.”

“H’wag mo nang alalahanin ’yun, Hija. Malapit na din naman kaming magkasamang dalawa.”

“Tay...” Hindi naituloy ng dalaga ang sasabihin dahil agad nagsalita ang matanda.

“Alam ko naman, Cadence, na doon din ako paroroon,” seryosong saad ni Tatay Fernando.

Napabuntong-hininga na lang siya. Totoo naman kasi ang sinasabi nito. Iniba na lang niya ang usapan at bumalik naman ang sigla ng matanda.



## Chapter Three



**H**abang lumilipas ang mga buwan, lalo niyang nakilala ang matanda. She learned a lot of things about him, kung ano ang paborito nitong ulam, paboritong kanta at pelikula, at kung ano pa. Sa tuwing nag-uusap sila, pakiramdam ni Cadence ay kausap niyang muli ang kanyang tatay. Masaya siya sa tuwing nakikita ito.

Habang nililinis ang sugat ng isang pasyente, dumating na si Tatay Fernando at ang bantay nito. Napansin niya na parang namumutla ang matandang lalaki.

Sinalubong niya ito ng ngiti nang puntahan niya. “Tay, na-late po kayo ng dating, ah. Is everything all right?”

“Ayos lang ako, Hija. Medyo nahuli lang ako ng gising.” Ngumiti rin ang matanda sa kanya.

Halata ni Cadence ang pag-aalala sa mukha ni Nanay Mela. Pansin din niya ang panginginig ng katawan ni Tatay Fernando. Batid niyang hindi ito maayos gaya ng sinabi nito.

“Gusto n’yo pong tawagin ko si Doc?”

“Huwag na, Hija. I’m fine, no need to worry.”

Hindi na siya kumontra. “Basta pag may

naramdaman po kayo, sabihin n'yo lang sa 'kin."

Nang masimulan na ang dialysis dito, bumalik na ulit siya sa nurses station kahit hindi kampante ang loob.

She observed the old man. Dati-rati, kinakawayan siya nito para makipagkuwentuhan. Ngayon, tahimik lang ito. Hindi tuloy siya mapakali.

Nang makita niya ang matinding panginginginig ng matanda sa upuan, mabilis siyang lumapit.

He was pale. Something wasn't right. Hindi ito makahinga!

Agad niyang pinatawagan ang doktor. Mabilis naman itong dumating.

Nakita niya ang pagtirik ng mga mata ni Tatay Fernando. Kahit may oxygen na, parang hindi pa rin ito makahinga.

Mahigpit na hinawakan ni Cadence ang kamay ng matanda. Ayaw niyang mawalan pa ng isang ama. Kahit sandali pa lamang niya itong nakakasama, naging mahalaga na si Tatay Fernando sa kanya. Naramdaman niya na unti-unting lumuluwag ang hawak ng matanda hanggang sa tuluyan na niyang nabitawan ang kamay nito.



Natagpuan ni Cadence ang sarili na



nanghihinang nakaupo sa isa sa mga nakahilerang upuan sa ER. Hindi niya namalayan ang pagtulo ng kanyang luha. Natauhan lang siya nang makitang nasa harapan na niya si Liam.

Napatingin siya sa bandang kanan, nasasanggahan ng kurtina ang doktor at ang nurses na nag-aasikaso kay Tatay Fernando.

Pinilit niyang tumayo. “Sino’ng—”

“Nanay Mela called me. Sinabi kong magpasama siya sa driver at umuwi na dahil padating na ako,” sagot ni Liam sa piping tanong niya. “What happened?”

Humagulgol siya. “I’m sorry, Liam. This is my fault. Kung tinawag ko kaagad si Doc, hindi mangyayari ’to.”

“Ano’ng ibig mong sabihin?”

“Unang kita ko pa lang sa kanya kanina, I know something’s wrong.” Napalunok siya. “Hindi sana nangyari ’to...” Cadence couldn’t read his face, pero nararamdaman niyang nag-aalala rin ang binata.

Pumuwesto ito sa isang bakanteng upuan, yumuko. Wala siyang maisip na sabihin. Naupo siyang muli, sa tabi ng lalaki. Baka sinisisi siya nito.

Lumabas ang doktor at nilapitan sila. Hindi niya gusto ang expression sa mukha nito.

Huminga muna ito nang malalim bago nagsalita. “Ikinalulungkot kong sabihin, we weren’t able to save Mr. Bartolome.”

Napatingin si Cadence kay Liam. His eyes were cold, hindi tumitingin sa kanya. Alam niyang sinisisi siya nito, but she could not bring herself to apologize. She just wasn’t brave enough. So she simply walked away.

Naiintindihan niya ito.



“Tatay Fernando?” Panaginip ba ang lahat? Lumapit si Cadence sa matanda. He was wearing an elegant suit. Hindi na din ito naka-wheelchair. “Kayo po ba talaga ’yan?”

Magiliw itong ngumiti. She couldn’t believe it. Napaiyak si Cadence. Niyakap niya nang mahigpit ang matanda.

“Patawarin n’yo po ako. Kasalanan ko ang lahat.”

“Huwag mong sisihin ang sarili mo. Wala kang kasalanan, ito ang gusto ko.”

“Ano’ng ibig n’yong sabihin?”

“Sa wakas magkikita na kami ng pinakamamahal kong si Helen. Ipangako mo sa ’kin na hindi mo pababayaan ang anak ko.”

“Pero—” Unti-unti nang lumayo ang matanda. Hinabol niya ito ngunit hindi niya maabutan.

Napabalikwas si Cadence mula sa pagkakahiga. Panaginip nga lang ang lahat.

Bumangon na lang siya at dumerecho sa kusina. Nahagip ng tingin niya ang kalendaryo. Halos three months na palang wala si Tatay Fernando.

Pero sariwa pa rin ang lahat sa kanya. Sinisisi pa rin niya ang sarili sa pagkamatay nito. Kahit gusto niya, hindi na siya pumunta sa burol at libing nito.

Cadence resigned from her job. If she stayed at *San Jose General Hospital*, mas mahihirapan siyang lumimot. Ngayon, nagtatrabaho na lang siya sa isang simpleng klinika sa Fairview. Alas cinco na ng umaga. She had to get ready.

Habang nasa daan, pinakiramdaman niya ang ihip ng hangin. The wind always calmed her heart.

Narinig ni Cadence ang tumunog ang telepono niya. Kinuha niya iyon mula sa kanyang bag, tiningnan kung sino ang tumatawag. It was her mother. Sasagutin ba niya? Siguradong pipilitin nitong pumunta na siya ng Amerika, idadahilan na siya na lang ang nandirito.

“Ma,” bungad niya.

“God, Anak. Bakit ngayon mo lang sinagot ang tawag ko? N’ung isang araw pa ’ko tumatawag.”

Paano ba niya sasabihin na gusto niya ng

katahimikan nang hindi humahaba ang usapan?

“Pasensya na po. Masyado lang po kasi akong busy nitong mga nakaraan.”

“Siguro nahihirapan ka na diyan ayaw mo lang aminin. Nga pala, na-renew mo na ba ang passport mo?”

“Hindi pa po. Madami po kasi akong—”

“Ang dami mong palusot. Sigurado akong hindi mo talaga inaasikaso ang passport mo. I’m worried, Cadence. Pumunta ka na kasi dito.” Concerned ang ina. “Miss na miss na kita, Anak. I want to see you.”

She felt guilty. “Napag-usapan naman na natin ’to, Ma.”

“Lagi ka na lang ganyan.”

Napailing na lang si Cadence. “Give me time, Ma. Magkakasama din tayo. Malapit na po ako sa clinic, tawag na lang kayo ulit,” pagtatapos niya.

Kahit makulit ang ina, siyempre mahal niya ito. At gusto man niya itong makasama, hindi pa siya handang iwan ang buhay niya sa Pilipinas. Hindi pa niya alam kung ano talaga ang gusto niya sa buhay. She wanted to be independent at alam niyang mawawala iyon pag kapiling na niya ang ina at kapatid.

Bukas na ang clinic nang dumating siya. Nandoon na si Berna, kapwa niya nurse. Binati siya

kaagad nito.

“Morning!”

“Nandiyan na ba si Doc?” tanong ni Cadence matapos tugunin ang bati nito. Ang tinutukoy niyang doktor ay ang may-ari ng klinika na si Dr. Drei Oliveros.

“Binanggit mo lang siya, pangit na ang araw ko. Wala pa ’yun, siguradong busy pa sa pambababae,” ismid ng kasamahan.

Daig pa ng dalawa ang aso’t pusa.

“Speaking of the devil, dumating na siya,” dugtong ni Berna bago pa siya nakapagkomento.

Sa hitsura pa lang, puwede talagang pagbintangang babaero si Drei Oliveros. With just one smile, he could charm the birds off the trees. Pero sa kanya, walang epekto ang charms nito. Hindi niya alam ang dahilan. At mukhang ganoon din sa kaso ni Berna.

“Nararamdaman ko na naman na isinusumpa mo ’ko, Berna,” anito nang makalapit sa dalaga.

“It’s just your imagination, Doctor.”

“Bakit hindi ka tumulad kay Cadence, mabait, mahinhin. Hindi tulad mong barubal.”

“Eh, kung hampasin kaya kita ng vase para makita mo kung gaano ako kabarubal?” matamis at mahinhing tanong ni Berna.

Natawa ang doktor. “Kitam, you’re barbaric.”

The war continued. Hindi siya nakialam. The two seemed to enjoy it anyway.

Tumunog ang telepono at sinagot niya iyon. Natahimik ang dalawa.

“*Oliveros Medical*, how may I help you?” magalang niyang tanong.

“Hinahanap ko si Miss Cadence Garcia, nandiyan ba siya?”

Hindi niya kilala ang boses nito. “Ako po si Cadence. Sino po sila at bakit n’yo po ako hinahanap?”

“I’m Attorney Reynaldo Sarmiento, abogado ako ni Don Fernando Bartolome II.”

Don Fernando? Nanlaki ang kanyang mga mata. Isang don ang simpleng matandang iyon? “Opo, kilala ko po siya. Bakit po? May problema po ba?” Kabado si Cadence. Did he call to inform her that Liam filed a case against her?

“Tumawag lang ako dahil may mahalaga akong sasabihin sa ’yo. I don’t like to discuss it over the phone.”

Nakahinga siya nang maluwag. “Ganoon po ba? Sige po, kailan po tayo magkikita at saan?”

Nagbanggit ito ng pangalan ng isang Italian restaurant. Nang matapos ang tawag ay napansin niyang wala na ang doktor sa tabi ni Berna.

Inginuso ng babae ang isang nakasarang pinto.

Nagtungo roon si Cadence at nagpaalam na magha-half day nang araw na iyon. Pumayag naman ang doktor.

Nag-taxi siya patungo sa dako ng usapan. Maraming tanong sa isip niya. Alam kaya ni Liam ang pagkikita nila ng abogado? Ano ba ang importante nitong sasabihin?

Alas onse y media nang sapitin ng dalaga ang restaurant. Sinalubong siya ng isang magandang waitress. “Good morning, Ma’am. Do you have a reservation?”

Tumango siya at sinabi ang pangalan ng abogado. Pinagmasdan niya ang buong paligid. Overall, napaka-elegante ng restaurant. Tila nakakahiya ang kanyang suot. Hindi kasi bagay roon ang suot niyang medical scrubs at rubber shoes.

“This way, Ma’am,” sagot ng babae, sinamahan pa siya.

*Shit!* Kasama pala si Liam!

Mukhang nakita ni Atty. Sarmiento sa expression ni Liam na nakilala siya ng binata at bahagyang tinanguan siya ng abogado.

Kinabahan siyang bigla nang nasa harap na siya ng guwapong binata. Liam was wearing a classic chambray shirt with a black sweater vest. Tinernuhan nito iyon ng dark gray woven pants.

Bagay rin ang suot nitong sapatos. He was very manly, very sophisticated. Hahangaan niya talaga palagi ang binata. Naputol ang kanyang pag-iisip nang magsalita ang abogado.

“Miss Garcia, I’m sure you haven’t had lunch yet.”

Ipinaghila siya ng abogado ng upuan sa tabi nito. Nasa tapat niya si Liam. Lalong bumilis ang kabog ng kanyang puso. Maha-heart attack yata siya.

Napainom siya ng tubig.

Napansin iyon ni Liam. “Something wrong, Cadence? Nervous?”

Hindi siya tumitingin dito nang sumagot. “I’m okay. Mainit kasi sa labas.” Ipinokus niya ang pansin sa abogado. “Bakit n’yo po pala ako gustong makausap?”

Noon nag-serve ng pagkain ang dalawang waiters at wala munang nagsalita habang nagtatanghalian sila. Nang malinis na ang mesa at nagpasilbi si Liam ng kape para sa kanilang lahat, kinuha ng may edad nang lalaki ang isang black folder.

“May kinalaman ang pagkikita nating ito sa last will and testament ni Don Fernando. I’m not sure we should discuss it here—”

“Masyadong pormal sa opisina, at ikaw ang



nag-suggest ng neutral ground, Attorney. Parepareho tayong maaabala kung ipagpapaliban pa natin 'to,” sabat ni Liam.

“Ano po'ng kinalaman ko sa testamento ni 'Tay Fernando?” Napatingin siya sa katabing lalaki. Gaya ng dati, walang emosyon sa mga mata ni Liam, hindi niya malaman kung ano ang iniisip nito.

Tumikhim ang abogado. “Ayon sa will ni Don Fernando, ang lahat ng kanyang ari-arian gaya ng kompanya, mga bahay sa iba't ibang lugar, mga koleksyon at iba pa ay mapupunta sa kaisa-isa niyang anak. Ngunit... kailangan munang tuparin ni Liam ang mga kondisyon na kaakibat ng testamento bago niya makuha nito ang kanyang mana.”

“Kondisyon?” tanong ni Liam sa abogado.

“Kasama roon na kailangan mong patirahin si Cadence sa inyong mansion sa loob ng anim na buwan.”

Itinuro ni Cadence ang sarili. “Ako?”

“Oo, at kung hindi mo gagawin iyon, Liam, hindi mo makukuha ang lahat ng mana mo. Malaking bahagi niyon ang mapupunta kay Miss Garcia.”

Nag-apoy ang mga mata ng lalaki.

“Unbelievable! Hindi ako makakapayag,” mahina

pero mariin nitong sabi.

“Liam, we both know that you can contest the will, pero mahabang proseso iyon,” pagpapaunawa ng abogado. “Six months is a short time. Iyon lang naman ang hinihingi ng papa mo. Kabilang din sa kahilingan ni Don Fernando—”

“You mean kasama sa utos niya,” muling sabat ni Liam.

Muling tumikhim ang abogado. “Kasama sa kondisyon niya na ituring mong kapamilya si Miss Garcia, at tustusan ang mga pangangailangan niya.”

“Paano kung ako ang tumanggi sa gusto ni Don Fernando?” tanong ni Cadence.

“Gaya nga ng nasabi ko kanina, hindi makukuha ni Liam ang mana niya. Mapupunta sa ’yo ang malaking parte ng properties at pera ng mga Bartolome. So, umaasa ako, Miss Garcia, na ibibigay mo rito ang buong kooperasyon mo.”

“And, Liam, hindi ka puwedeng lumipat ng tirahan habang naroon sa mansion si Miss Garcia. Doon ka uuwi, sa loob ng anim na buwan, walang labis walang kulang. Kung hindi, baka mas marami pang magkainteres sa mana mo.”

“What do you mean?” matalim na tanong ng binata.

“It seems na alam ng kapatid ng papa mo ang

tungkol sa nilalaman ng testamento, ang Uncle Franco mo, at—”

Liam scoffed. “Pamamatyagan ako ni Uncle Franco sa mga tauhan niya para magkaroon siya ng parte sa mana ko. Hindi pa man, may mga nakabantay na sa kilos namin. I’m sure, si Papa mismo ang nagsabi kay Uncle Franco, para masigurado niyang papayag ako sa gusto niya.”

“I’m just saying na kailangan mong mag-ingat, Hijo. Kaibigan ako ng pamilya n’yo. Pag-isipan mo ito nang mabuti,” payo ng nakatatandang lalaki.

“Kelan ko dapat patirahin si Cadence sa mansion?” tanong ni Liam.

“May isang buwan ka para mag-isip buhat ngayon, pero I suggest, sa lalong madaling panahon ay gawin mo na. Sa gan’un, mas mabilis mong makukuha ang mana mo,” pangungumbinsi ng abogado.

Bumuntong-hininga si Liam. “You can go, Attorney. Ako na muna ang kakausap kay Cadence.”

Nagpaalam ang abogado at tumayo na para iwan sila. Napipi si Cadence. Kung wala mang bad feelings sa kanya si Liam dahil sa pagkamatay ng ama nito, siguradong ngayon mayroon na dahil sa mana nito na nakadikit sa kanya. Bakit kasi naisip iyon ni Tatay Fernando? Idinamay pa siya nito.

“I’m clueless about the will, I swear,” umpisa ni Cadence.

“I know. Lilipat ka na sa mansion. My driver will pick you up. Pack your things.”

Kung makautos ang lalaking ito, parang ito ang may-ari ng kanyang buhay. “Sino’ng may sabi sa ’yo na gusto kong lumipat? Hindi ako lilipat!”

Tumalim ang mga mata ni Liam. “Alin ba sa sinabi ni Attorney ang hindi mo naintindihan? O baka naman gusto mo talagang makuha ang mana ko.”

She tried to control herself. “How dare you! Hindi ako mukhang pera. Wala akong alam sa lintik na mana mo. At kung may choice lang ako, sasabihin ko sa tatay mo na huwag akong i-involve,” aniya sa mahina pero mapanganib na boses.

“Then prove it. Tulungan mo ’kong makuha ang karapatan ko. Pwera na lang kung ’yun talaga ang motibo mo kaya pinilit mong mapalapit kay Papa.”

Tuluyan na siyang na-badtrip dito. Binigyan pa nito ng kulay ang closeness nila ni Tatay Fernando. “Fine! Gagawin ko ang gusto mo para lang malinis ang pangalan ko.” Naglabas si Cadence ng papel at ballpen. May isinulat siya sa kapirasong papel at itinulak iyon sa harap ni Liam. “Yan!”

“Ano ito?”

“Address ko, pick me up.” She stood up and left him.

Patutunayan niya sa lalaking iyon na malinis ang konsyensya niya, na wala siyang interes sa mana nito. Hindi niya kailangang maging instant heredera. Kaya niyang umasenso sa sariling paraan.

